# Kumuha ng permit para sa kasalukuyang awning (tabing)

Kung ang iyong negosyo ay may kasalukuyang awning na hindi pa pinahihintulutan at na-install bago ang Agosto 20, 2023, sundin ang mga hakbang na ito upang makasunod sa mga kinakailangan ng Lungsod:

**1**

**Mangolekta ng dokumentasyon**
Dalawang 11"x17" na kopya ng mga litrato ng iyong awning, na may mga detalyeng nakasulat sa mga ito, kabilang ang:

- Mga dimensyon
- Taas sa itaas ng bangketa
- Lapad ng bangketa
- Uri ng dingding
- Tantiyang timbang
- Uri at bilang ng mga ginagamit na angkla
- Distansya sa pagitan ng awning at anumang mga residensyal na yunit sa mga itaas na palapag

**2**


**Punan ang mga tamang form na makukuha sa Permit Center at online:**

- Package ng mga may-ari para idokumento na ikaw ang may-ari, kontratista, o kinatawan ng gusali.
- Form 4/7
- Mga litratong may mga detalyeng nakasulat dito

***Kung nakatanggap ka ng Notice of Violation (Paunawa ng Paglabag), kakailanganin mo rin ang:***

- Form 3/8

Mayroong mga sampol na litrato







**3**

**Isumite ang iyong aplikasyon para sa permit**
Pumunta sa Permit Center para isumite ang iyong aplikasyon. Tatanggap ka ng numero ng aplikasyon sa permit para sa gusali.

**4**

**Pa-inspeksyunan ang iyong karatula o awning**
Kailangan mong makakuha ng pinal na inspeksyon para makumpleto ang iyong permit o maresolba ang notice of violation. Kung may natagpuang mga isyu sa kaligtasan ang inspektor sa iyong awming, kakailanganin mong tugunan ito.

## Magkano ito?

IKung mayroon kang awning sa kasalukuyan at isinumite mo ang iyong aplikasyon para sa permit hanggang Hunyo 30, 2025, ipinagpapaliban ang mga singil sa lokal na permit, parusa, at multa.

**Humingi ng tulong mula sa mga Permit Specialist para sa Maliit na Negosyo sa Permit Center**
Hingin ang Office of Small Business sa Help Desk

49 South Van Ness, San Francisco
Lunes, Martes, Huwebes, Biyernes, bukas mula 7:30am hanggang 4:00pm.
Miyerkules, bukas mula 9:00am hanggang 4:00pm

**sf.gov/awningamnesty** 628-652-4949 sfosb@sfgov.org